

Ang equity o pagkamakatarungan ay mas ligtas: Mga pagsasaalang-alang batay sa karapatang pantao para sa reporma ng pulisya sa British Columbia — EHEKUTIBONG BUOD

Pagsusumite | Nobyembre 2021

Hanapin ang buong pagsusumite (sa Ingles) sa: bchumanrights.ca/SCORPA

Ang oras para sa debate tungkol sa kung umiiral ang sistematikong rasismo sa pagpupulis ay tapos na— lalo na, ngunit hindi eksklusibo, dahil nakakaapekto ito sa mga Indigenous at Itim na mga tao sa British Columbia. Oras na upang kumilos.

Ang mga komunidad na matagal nang masamáng naapektuhan ng may diskriminasyong pagpupulis ay patuloy na nagbahagi ng kanilang mga kuwento at nanawagan sila para sa pagbabago, kabilang ang sa harap ng Legislative Assembly of B.C.'s Special Committee on Reforming the Police Act (Lehislatibong Kapulungan ng Espesyal na Komite ng B.C. sa Pagrereporma sa Batas ng Pulis (SCORPA)). Ang pagsusuri ng data mula sa mga Departamento ng Pulis ng Vancouver at Nelson at mula sa Surrey, Duncan at Prince George RCMP (tingnan ang Appendix B ng buong pagsusumite) ay nagkukumpirma kung ano ang matagal nang sinasabi ng mga komunidad:

- na ang mga Indigenous at Itim na tao ay labis o kaya makabuluhang kinakatawan sa mga istatistika ng insidente ng pag-aresto/pagsasakdal, depende sa hurisdiksyon. Ang Hispaniko at Arabo / West Asian na mga tao ay labis ding kinakatawan sa maraming mga hurisdiksyon ng pulis.
- na napakaraming aktibidad ng pulis ay nauukol sa mga taong nagdurusa sa mga isyu ng pangkaisipang kalusugan. Ang mga Indigenous, Itim at Arabo / West Asian ay labis ding kinakatawan sa mga ganitong uri ng pakikipag-ugnayan ng pulisya sa maraming hurisdiksyon.
- na habang ang mga kababaihan sa pangkalahatan ay hindi gaanong kinakatawan sa mga istatistika ng pag-aresto ng pulis/pagsasakdal na mga insidente, ang mga Indigenous na kababaihan ay labis o kaya makabuluhang kinakatawan sa mga istatistika ng pag-aresto sa

karamihan ng mga hurisdiksyon na sinuri sa B.C. Sa maraming mga kaso, ang rate ng pag-aresto sa kanila ay lumalampas sa mga puting lalaki, halimbawa.

Ang mga disparity na ito ng mga lahi ay hindi lamang produkto ng pagkiling sa mga gawi ng pagpupulis mismo, dahil ang sistematikong rasismo sa loob ng maraming sistema ay humahantong sa labis na kriminalisasyon ng mga taong Indigenous, Itim, o kung hindi man ay naisantabi. Anuman ang pagsasama-sama ng mga kadahilanan, ang mga puwersa ng pulisya—kasama ang iba pang mga tao sa sistema ng hustisya at sa buong pamahalaan—ay may obligasyon na aktibong harapin ang mga sistematikong hindi pagkakapantay-pantay na nakakaapekto sa mga Indigenous at Itim na mga tao (at iba pang mga grupo na nakadetalye sa pagsusuri ng data ni Propesor Wortley).

Sa mga pagsusumiteng ito, inirerekomenda ng Komisyoner ng Mga Karapatang Pantao ng B.C. ang pagrereporma sa iba't-ibang mga aktibidad sa pagpupulis sa B.C. upang mabawasan ang sistematikong rasismo at mapabuti ang kaligtasan—sa pamamagitan ng pagpapabuti ng katarungan—para sa mga tao ng B.C.

Ginagawa namin ang mga sumusunod na rekomendasyon para sa reporma ng pulisya batay sa apat na mga pangunahing lugar:

- na ang pagpupulis sa bansang ito ay nakaugat sa mga kolonyal na utos na kontrolin ang mga Indigenous na tao upang dalhin ang settlers sa lupain
- na ang pangunahing layunin ng pagpupulis ay ang itaguyod at protektahan ang kaligtasan ng komunidad
- na ang may diskriminasyong pagpupulisya ay hindi nakakatulong sa pagprotekta sa mga komunidad, o sa kabaligtaran, na ang equity o pagkamakatarungan ay mahalaga sa kaligtasan ng komunidad
- na ang reporma sa pulisya ay posible at mahalaga

Ang mga rekomendasyong ito ay isang panimulang punto sa pagkakamit ng equity sa pagpupulis:

Pagtatanto sa mga obligasyon ng B.C. sa mga Indigenous na tao

1. Ang pamahalaan ng B.C. ay dapat makipagtulungan sa mga Indigenous na tao nang government-to-government para sa mga lehislatibong pagbabago sa *Batas ng Pulisiya*.
2. Ang pamahalaan ng B.C. ay dapat magbigay ng pondo upang mabigyan-kakayahan ang mga Indigenous na tao na maging mga partner sa reporma ng *Batas ng Pulisiya*.

Disaggregated data

3. Ang Ministeryo ng Pampublikong Kaligtasan at Solicitor General ay dapat gumawa ng mga hakbang upang baguhin ang *Batas ng Pulisiya* upang hayagang pahintulutan ang pulis na mangolekta ng data batay sa lahi at iba pang demograpiko bilang pagtugon sa sistematikong diskriminasyon sa pagpupulis.
4. Dapat hilingin ng Ministeryo ng Pampublikong Kaligtasan at Solicitor General sa Direktor ng Mga Serbisyo ng Pulisya na gamitin ang Indigenous data governance model (modelo ng pamamahala



sa data ng Indigenous na mga tao) at makipagtulungan sa Community Governance Board (Lupon ng Pamamahala ng Komunidad) na itinatag sa ilalim ng batas ng data upang magbuo at pangasiwaan ang mga pamantayan ng disaggregated data sa pagpupulis.

5. Habang hinihintay ang pagtatatag ng Community Governance Board, inirerekomenda ng Komisyoner sa Direktor ng Mga Serbisyo ng Pulisya na makipag-ugnayan ito sa komunidad at gumamit ng Indigenous data governance model upang magbuo ng mga pamantayan sa ilalim ng s.40(1)(a.1)(vii) ng *Police Act* na espesipiko sa pangongolekta, paggamit, at pagsisiwalat ng disaggregated data ng pulisya.
6. Ang Ministeryo ng Pampublikong Kaligtasan at Solicitor General ay dapat magtatag ng mga iskedyul ng pagpapanatili ng data ng lalawigan habang kinokonsulta ang Community Governance Board (o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa komunidad bago itatag ang Community Governance Board) at utusan ang lahat ng mga serbisyo ng pulisya na magmintina ng disaggregated at de-identified (walang pangalan/identipikasyon) na data sa data warehouses para sa pananaliksik at iba pang mga lehitimong layunin.
7. Dapat palawigin ng Attorney General ang mandato at kapasidad ng Office of the Information and Privacy Commissioner for B.C. (Opisina ng Komisyoner ng Impormasyon at Pagka-pribado para sa B.C.) upang isama ang imbestigasyon ng mga reklamo o mga alalahanin tungkol sa pangongolekta, paggamit, o pagsisiwalat ng data na sakop ng pamantayan ng data ng pagpupulis ng lalawigan.

Mga pagsusuri sa kalye

8. Dapat baguhin ng Ministeryo ng Pampublikong Kalusugan at Solicitor General ang Provincial Policing Standard (Pamantayan sa Panlalawigang Pagpupulis), 6.2 Mga Pagpapahinto ng Pulis (o mga kasunod na pamantayan na may kinalaman sa mga pagpapahinto ng pulis) upang bawasan ang paggamit ng diskresyon, tiyakin ang pananagutan para sa mga aksyon ng pulisya, at tiyakin na ang impormasyon ay kinokolekta para lamang sa mga layunin ng pananagutan, gaya ng nakadetalye sa pahina 47 sa mga pagsusumiteng ito.
9. Dapat ipatupad ng Ministeryo ng Pampublikong Kalusugan at Solicitor General ang Unbiased Policing Standard (Pamantayan ng Walang-Kinikilinagang Pagpupulis) na espesipiko sa mga paghihinto ng trapiko. Ang pamantayang ito ay dapat na hayagang tumugon sa pagsasagawa ng mga paghihinto ng trapiko nang walang pagkiling sa pamamagitan ng pag-aatas sa lahat ng mga serbisyo ng pulisya na magkaroon ng isang patakaran na nagbabawas nang husto sa pagpapasya ng opisyal sa mga maagap na gawi ng pagpupulis tulad ng sobriety checkpoints (mga checkpoint upang malaman kung ang taong nagmamaneho ay nakainom).

Pag-aalis ng tungkulin sa pulis

10. Ang pamahalaan ng B.C. ay dapat makipagtulungan sa lahat ng mga antas ng pamahalaan kabilang ang mga Indigenous, pederal, panlalawigan, at munisipal na pamahalaan upang magtatag ng isang balangkas upang muling ilipat ang pagpopondo mula sa mga budget ng pulisya at ilagay ito sa mga serbisyong pinamumunuan ng mga sibilyan para sa mga taong nakakaranas ng mga krisis sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga o alak, kawalan ng



tirahan, at iba pang mga paghamon na maaaring masapatan sa pamamagitan ng karagdagang probisyon ng serbisyong panlipunan sa halip na isang pagtugon sa hustisyang kriminal.

11. Dapat iakma ng Ministeryo ng Pamublikong Kaligtasa at Solicitor General ang mga serbisyo ng 9-1-1 upang matiyak na kasangkot lamang ang pulisya sa pagtugon sa mga táong nakakaranas ng krisis sa pangkaisipang kalusugan bilang huling paraan at hindi bilang mga awtomatikong first responder. Tingnan ang pahina 58 ng mga pagsusumiteng ito para sa mga karagdagang detalye.
12. Ang pamahalaan ng B.C. ay dapat gumawa ng mga makabuluhang pamumuhunan sa mga serbisyong pinamumunuan ng mga sibilyan (ibig sabihin, pinamumunuan ng mga ahensiya sa komunidad sa halip na pinamumunuan ng pulis o ng mga aswtoridad sa kalusugan) para sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga o alak kabilang ang:
 - Pagtatatag ng mga agarang response centres na tinatauhan ng mga pangkat mula sa iba't-ibang mga disiplina, kabilang ang mga doktor sa pangkaisipang kalusugan, mga nurse, mga social worker, at mga katrabaho na makakapagbigay ng lubos na suporta na higit pa sa medikal na modelo ng diyagnosis at paggamot
 - Ang pagdadagdag ng mga pamumuhunan sa complex care housing at paggamot sa pag-paggamit ng droga o alak para sa mga táong may malubhang pangangailangan sa tulong sa kanilang pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga o alak. Tingnan ang pahina 58 ng mga pagsusumiteng ito para sa mga karagdagang detalye.
13. Dapat tugunan ng pamahalaan ng B.C. ang interseksyon ng pagpupulis, kawalan ng tirahan, pangkaisipang kalusugan, at paggamit ng droga o alak kapag nagbubuo sila ng estratehiya sa kawalan ng tahanan sa lalawigan.
14. Dapat itigil ng mga lupon ng paaralan ang mga programa ng School Liaison Officer (Opisyal sa Pag-uugnayan ng Paaralan (SLO)) maliban kung maipapakita nila na may ebidensya na kinakailangan sila at ang mga hindi matutugunan gamit ang mga ibang paraan. Sa paggawa ng pagtatasang ito, dapat isentro ng mga lupon ng paaralan ang epekto ng pagpapatuloy ng mga programa ng SLO sa mga Indigenous, Itim at iba pang mga populasyon ng mag-aaral.
15. Ang mga psychosocial at pang-edukasyon na tungkulin ng mga SLO ay dapat na muling italaga sa mga sibilyan na may karanasan sa pagtuturo at pamumuno sa iba pang mga ekstra-kurikular na aktibidad, sa pagpapayo sa bata at kabataan, sa praktis na may-kaalaman sa trauma, sa pag-iwas sa sekswal na pag-atake, sa edukasyon sa paggamit ng droga o alak, at sa pag-iwas sa pang-aapi. Ang mga pondo at resources na kung hindi man ay mapupunta sa mga programa ng SLO ay dapat idirekta muli sa mga sibilyan upang magampanan nila ang mga tungkuling ito.

Pagkakaroon ng pulis ng pananagutan

16. Ang Ministeryo ng Attorney General ay dapat magbigay ng pondo para sa mga legal advocacy na programa, kabilang ang legal na tulong, upang magbigay ng payo at representasyon sa mga taong nasangkot sa mga reklamo o mga imbestigasyon ng Civilian Review and Complaints Commission para sa RCMP (CRCC), Independent Investigations Office (IIO), Office of Police Complaints Commissioner ng British Columbia (OPCC) at ng Hukuman ng mga Karapatang Pantao ng BC.



17. Ang Ministeryo ng Pampublikong Kaligtasan at Solicitor General ay dapat magbuo ng isang plano at timeline upang makamit ang layunin ng kumpletong sibilisasyon ng IIO sa lalong madaling panahon.
18. Ang OPCC ay dapat magbuo ng isang plano at timeline upang makamit ang layunin na gawing kumpletong sibilyan ang OPCC sa lalong madaling panahon.
19. Ang Ministeryo ng Pampublikong Kalusugan at Solicitor General ay dapat magbuo ng isang plano at timeline para utusan ang CRCC (kapag tumutugon sa mga reklamo ng B.C.) na sumulong patungo sa layunin na maging kumpletong sibilyan sa lalong madaling panahon.
20. Dapat tiyakin ng Ministeryo ng Pampublikong Kaligtasan at Solicitor General na ang RCMP ay ilalagay sa ilalim ng hurisdiksyon ng OPCC, gaya ng inirekomenda ng Commission of Inquiry into Policing in B.C., o na ang batas at mga proseso ng reklamo para sa OPCC at CRCC ay magkakasundo.
21. Dapat palawakin ng Ministeryo ng Pampublikong Kaligtasan at Solicitor General ang mandato ng OPCC para bigyang-daan ang OPCC na imbestigahan nito mismo ang mga reklamo, tanggapin ang responsibilidad para sa anumang imbestigasyon, o ipasa ang mga reklamo sa IIO para maimbestiga. Kung ang awtoridad ng OPCC ay pinalawak, ang mga kawani ng OPCC ay dapat bigyan ng kinakailangang pagsasanay.
22. Dapat gamitin ng Ministeryo ng Pampublikong Kaligtasan at Solicitor General ang awtoridad nito sa paggawa ng regulasyon sa s.74(2)(t.4) ng *Batas ng Pulisiya* para agad na palawakin ang mandato ng IIO na isama ang mga imbestigasyon sa sekswal na pag-atake. Kung ang awtoridad ng IIO ay pinalawak, ang mga imbestigador ng IIO ay dapat magbuo ng kadalubhasaan sa dynamics ng karahasan dahil sa kasarian.
23. Ang mga rekomendasyong ginawa ng Battered Women's Support Services sa SCORPA para magsagawa ang pamahalaan ng isang komprehensibong pagsusuri ng mga tugon ng pulisya sa karahasan sa tahanan at sekswal na pag-atake ay dapat pagtibayin.
24. Ang Attorney General ay dapat kumilos upang baguhin ang *Kodigo ng mga Karapatang Pantao* ng B.C. upang isama nito ang kalagayang panlipunan at Indigenous na identidad bilang protektadong mga batayan.
25. Ang *Batas ng Pulisiya* ay dapat baguhin upang matiyak na ang mga lupon ng pulis ay kumakatawan sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran, lalo na sa mga komunidad na hindi gaanong naapektuhan ng pagpupulis; kabilang dito ang pag-aatas sa bawat lupon ng pulis na magkaroon ng kinatawan na Indigenous.
26. Ang Ministeryo ng Pampublikong Kaligtasan at Solicitor General ay dapat makipagtulungan sa RCMP sa B.C. upang magtatag ng mga lokal na sibilyang lupon ng pulis o mga konseho para sa iba't ibang lugar ng lalawigan.
27. Ang Ministeryo ng Pampublikong Kaligtasan at Solicitor General ay dapat magbuo ng karagdagang requirements sa pampublikong pag-uulat para sa mga lupon ng pulis upang mapabuti ang transparency at pagkakaroon ng lupon ng pulis ng pananagutan.



28. Ang pamahalaan ng B.C. ay dapat gumawa ng isang matatag at mahusay na pinondohang lupon ng Indigenous na sibilyang tagapangasiwa sa pulisya (o mga sangay sa loob ng itinatag na mapapagkatiwalaang mga sibilyang nangangasiwang lupon sa loob ng isang hurisdiksyon); dapat kasama rito ang pangangatawan sa mga Indigenous na kababaihan, mga nakababatang babae, at LGBTQ2SAI+ na mga tao, na inklusibo sa iba't-ibang mga Indigenous na kultura, tulad ng hinihingi sa huling ulat ng Inquiry into Missing and Murdered Indigenous Women and Girls (Pagtatanong sa Nawawala at Pinatay na mga Indigenous na Kababaihan at mga Batang Babae. Ang mga kapangyarihan ng lupon ng mga tagapangasiwa na binubuo ng Indigenous na sibilyan ay dapat itakda nang mas detalyado sa pahina 71 ng mga pagsusumiteng ito.
29. Hangga't hindi pa nagtatatag ang panlalawigang pamahalaan ng mga lupon ng Indigenous na sibilyang tagapangasiwa, dapat magtalaga ng isang sibilyang tagasubaybay para sa bawat imbestigasyon sa isang insidente na nagreresulta sa kamatayan o malubhang pinsala sa isang Indigenous na tao. Dapat alisin ng pamahalaan ang anumang mga hadlang sa kanilang epektibong pakikilahok.

Sa ngalan ng mga karapatang pantao, pagkakapantay-pantay, kaligtasan at hustisya, hinihimok ng Komisyonado ng mga Karapatang Pantao ang Select Standing Committee on Reforming the Police Act — at, pagkatapos, ang Pamahalaan ng British Columbia—na tanggapin ang mga rekomendasyong ito kasama ng mahahalagang pagsusumite ng marami pang iba, at na hindi umiwas na muling isipin ang papel ng pulisya sa ating lalawigan.

